Series 2

Bagong Benefit Plan: Intermittent Coverage (Pana-panahong Coverage)

Maaari ka pa ring mag-qualify para sa benefits nang pana-panahon sa buong taon kahit na hindi ka regular na nagtratrabaho nang 87 oras man lamang bawat buwan. Gagawin mo ito sa pamamagitan ng pag-bank o pag-ipon ng mga oras sa iyong **BENEFIT RESERVE FUND** bawat buwan hanggang mayroon nang sapat na mga oras na naipon para mag-qualify ka para sa benefits (87 oras).

Tingnan natin ang sitwasyon ni Maria. Siya'y nagtratrabaho nang part-time, nang humigit-kumulang sa 59.5 oras bawat buwan. Para mas madali itong maintindihan, ipalagay natin na nagpasiya si Maria na ***hindi*** *gamitin ang Direct Pay Premium option*.

Tandaan na ang paraan na ito para mag-qualify para sa benefits ay naaangkop din kapag anim (ang maximum) na magkakasunod na buwan mo nang ginagamit ang Direct Pay Premium option.

Nagtratrabaho nang 60 Oras Para sa Benefits

Ngayon pa lamang naging eligible si Maria para sa bagong benefits plan sa kanyang Collective Agreement.
Siya'y nagtrabaho nang 60 oras noong Mayo 2025.
Ang mga oras na ito ay mabibilang para sa kanyang eligibility, pero hindi sila sapat para makakuha siya ng coverage sa Hulyo.

WALANG COVERAGE

Mayo

Si Maria ay nagtrabaho nang **60 ORAS** noong Mayo.

60

WALANG COVERAGE

Hunyo

Ireremit ng employer ni Maria hanggang sa **IKA-15 NG HUNYO** sa Global Benefits (ang benefit plan administrator) ang **kanyang mga oras na trinabaho noong Mayo**.

GLOBAL BENEFITS

WALANG COVERAGE

Hulyo

HINDI SAPAT ang 60 oras para mag-qualify para sa benefits sa Hulyo. Ang 60 oras ay ilalagay sa kanyang **BENEFIT RESERVE FUND.**

60



87 ORAS ANG KINAKAILANGAN

KULANG SI MARIA NG 27 ORAS PARA UMABOT NANG 87 ORAS

60

Tandaan: 60 oras ang natitira sa Benefit Reserve Fund

Nagtratrabaho nang 59 Oras Para sa Benefits

Noong Hunyo 2025 ay nagtrabaho si Maria nang 59 oras.
Ang mga pinagsamang oras na trinabaho noong Mayo at Hunyo ay sapat na para mag-qualify si Maria para sa benefits sa Agosto.

WALANG COVERAGE

Hunyo

Si Maria ay nagtrabaho nang **59 ORAS** noong Hunyo.

59

WALANG COVERAGE

Hulyo

Ireremit ng employer ni Maria hanggang sa **IKA-15 NG HULYO** sa Global Benefits ang **kanyang mga oras na trinabaho noong Hunyo**.

GLOBAL BENEFITS

59

KULANG SI MARIA NG 28 ORAS PARA UMABOT NANG 87 ORAS

COVERAGE!

Agosto

Sa **119 ORAS** na trinabaho noong Mayo at Hunyo, **87 ANG GAGAMITIN** para makakuha ng benefit coverage sa Agosto. Ang natitirang 32 oras ay maiiwan sa Benefit Reserve Fund ni Maria.

87 ORAS ANG KINAKAILANGAN

28

32

Tandaan:
32 oras ang natitira sa Benefit Reserve Fund

Nagtratrabaho nang 58 Oras Para sa Benefits

Noong Hulyo 2025 ay nagtrabaho si Maria nang 58 oras.
Kahit na hindi sapat ang 58 oras para mag-qualify si Maria para sa benefits sa Setyembre,
mayroon siyang sapat na mga oras sa kanyang Benefit Reserve Fund para umabot sa sapat na dami ng mga oras.

WALANG COVERAGE

Hulyo

Si Maria ay nagtrabaho nang **58 ORAS** noong Hulyo.

58

COVERAGE!

Agosto

Ireremit ng employer ni Maria hanggang sa **IKA-15 NG AGOSTO** sa Global Benefits ang **kanyang mga oras na trinabaho noong Hulyo**.

GLOBAL BENEFITS

58

KULANG SI MARIA NG 29 ORAS PARA UMABOT NANG 87 ORAS

COVERAGE!

Setyembre

Ang **58 ORAS** na trinabaho noong HULYO, **DAGDAG ANG 29** mula sa Benefit Reserve Fund, ay **UMAABOT NANG 87**.
Sapat na ito para sa benefit coverage sa Setyembre.

29

87 ORAS ANG KINAKAILANGAN

3

Tandaan:
3 oras ang natitira sa Benefit Reserve Fund

Nagtratrabaho nang 61 Oras Para sa Benefits

Noong Agosto 2025 ay nagtrabaho si Maria nang 61 oras at nagkulang siya ng mga oras para mag-qualify sa Health Benefits sa Oktubre. Kapag pinagsama ang kanyang mga oras sa Agosto at ang kanyang Benefit Reserve Fund, kulang pa rin ito para sa coverage. Patuloy na nagtratrabaho si Maria at nag-iipon ng mga oras sa kanyang Benefit Reserve Fund para sa mga darating na buwan.

COVERAGE!

Agosto

Si Maria ay nagtrabaho nang **61 ORAS** noong Agosto.

61

COVERAGE!

Setyembre

Ireremit ng employer ni Maria hanggang sa **IKA-15 NG SETYEMBRE** sa Global Benefits ang **kanyang mga oras na trinabaho noong Agosto**.

GLOBAL BENEFITS

WALANG COVERAGE

Oktubre

HINDI SAPAT ANG 61 ORAS para makakuha si Maria ng coverage. Para umabot si Maria sa 87 oras at para siya'y mag-qualify, patuloy siyang magtratrabaho hanggang mayroon na siyang sapat na mga oras sa kanyang Benefit Reserve Fund. Ang **61 ORAS** ay idaragdag sa kanyang Benefit Reserve Fund.

61



87 ORAS ANG KINAKAILANGAN

KULANG SI MARIA NG 26 ORAS PARA UMABOT NANG 87 ORAS

64

Tandaan: 64 oras ang natitira sa Benefit Reserve Fund

Series 2

Intermittent Coverage (Pana-panahong Coverage)

Tulad ng makikita mo sa halimbawang ito, kahit na nagtratrabaho ka nang hindi umaabot sa 60 oras bawat buwan, maaari ka pa ring mag-qualify para sa benefits sa pana-panahon. Sa katotohanan, kapag ikaw ay nagtrabaho nang humigit-kumulang sa 59.5 oras bawat buwan sa unang taon ng plan na ito, magiging eligible ka pa rin para sa benefits para sa anim na buwan ng taon.

Sa sitwasyon ni Maria, kapag pinagsama ang 61 oras na trinabaho niya noong Agusto at ang 3 oras na nasa kanyang Benefit Reserve Fund, hindi pa rin ito sapat para makakuha ng coverage sa Oktubre. Pero kung nagtrabaho siya nang 23 oras man lamang sa Setyembre, aabot siya sa 87 oras na kinakailangan para maitatag niya muli ang kanyang eligibility at para makakuha siya ng benefits sa Nobyembre.

Ito ang paraan kung paano ka maaaring mag-qualify nang pana-panahon sa buong taon. Ang bilang ng mga oras na iyong trinatrabaho at ang iyong kakayahan o pagiging handa na gamitin ang Direct Pay Premium option ay makakaapekto sa bilang ng mga buwan na ikaw ay magiging eligible.
Para malaman kung paano gumagana ang Direct Pay Premium option, tingnan ang New Benefit Plan Basics - Illustration Series 1 o kaya'y bisitahin ang www.justiceforjanitors.ca/new-benefit-plan. Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa iyong eligibility, kontakin ang Global Benefits.